

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
20

Pagtukoy ng kasarian ng pangngalan

Talâ: pangngalan - *noun*, kasarian - *gender*

Panuto: Isulat sa patlang ang kasarian ng pangngalan na may salungguhit. Gamitin ang mga sumusunod na titik: PB (pambabae), PL (panlalaki), DT (di-tiyak ang kasarian), at WK (walang kasarian).

1. _____ Ang lungsod ng Baguio ang tinaguriang *Summer Capital* ng Pilipinas.
2. _____ Ang kuya mo ang susundo sa inyo sa paaralan mamayang hapon.
3. _____ Ang kapatid ko ay ang bata na nakasuot ng pulang damit.
4. _____ Magandang regalo ito sa kaarawan ng pinsan ko.
5. _____ Tama amg sukli sa akin ng tindera sa palengke.
6. _____ Lapitan mo ang ale na nagtitinda ng turon sa kanto.
7. _____ Si Ginoong Marciano ang ninong namin sa kasal.
8. _____ Maagang dumarating sa paaralan ang aming punong-guro.
9. _____ Madalas tamaan ng bagyo ang mga lalawigan sa hilaga ng Luzon.
10. _____ Nagpagawa ako ng pantalon at polo sa sastre.
11. _____ Ang panganay kong ate ang nagpapaaral sa bunso ng pamilya.
12. _____ Ang kaibigan ko ay dating miyembro ng tanyag na banda.
13. _____ Mga madre ang nag-aalaga sa mga naulilang sanggol.
14. _____ Malaking responsabilidad ang pag-alaga ng malaking hayop tulad ng kabayo.
15. _____ Ano ang kulay ng bisikleta ng tito ni Kahlil?
16. _____ Iboto natin ang karapat-dapat na kandidato sa halalan.
17. _____ Ang pagbayad ng tamang buwis ay tungkulin ng mabuting mamamayan.
18. _____ Ang gatas mula sa ina ang pinakamainam para sa kanyang sanggol.
19. _____ Agad sumunod sa utos ng hari ang prinsipe.
20. _____ Mataas ang mga gusali at magara ang mga sasakyan sa Makati.

Para sa karagdagang puntos, bilugan ang isa pang pangngalan sa bawat pangungusap at isulat ang kasarian nito sa ibabaw ng salita. Gamitin ang mga titik na ibinigay sa panuto.